# SA MATA NG BATA




Kuwento ni:
Zharmaine R. Mangune

Guhit ni:
Carlo D. Yambao



*Learning Competency:*

*Nakapaglalahad na mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa. EsP2P-IIe-10*



## Development Team

Kuwento ni: **Zharmaine R. Mangune**

Guhit at Lapat ni: **Carlo D. Yambao**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

## Pampanga

# SA MATA NG BATA





May binatang nakaupo sa hintayan ng bus kasama ang kaniyang ama. Katapat nila ang mag-inang sina Aling Mae at Lea na hindi maiwasang mapatingin sa tuwing magtatanong ang binata sa kaniyang ama.

"Itay, ano po ulit ang kulay nito?"

"Pula iyan, anak."

"Ah! Oo nga pala," batid nito habang nakatingin sa rosas.






Lumuhod ang binata upang panoorin ang paghampas ng mga pakpak ng isang paru-parong palipad-lipad sa gilid niya. Kinuha nito ang isang maliit na laruang kotse at sinabay sa paglipad ng insekto.

"Ang saya sana 'tay kung nakalilipad din ang mga sasakyan."

Napangiti si Lea at akmang tatayo sana upang lapitan ito nang hablutin siya ng ina habang taimtim na umiiling.






"Itay, tingnan niyo po iyong nasa langit. Kay ganda!"

Tumingin ang matanda sa kalangitan, sabay sambit na ang tinutukoy ng anak ay isang bahaghari. Hindi mapigilang makakuha sila ng atensyion mula kina Aling Mae at Lea dahil sa walang humpay na pagtatanong ng binata sa kaniyang ama.

"Mag-aral ka nang mabuti upang hindi ka matulad sa kanya," bulong ni Aling Mae kay Lea.








Hindi nagtagal ay may humintong bus sa kinaroroonan ng mag-ama. Kasabay ng pagbukas ng pinto ay napatigil ang anak sa kanyang pagsasalita at siya'y napatingin sa malaking sasakyan.

Nakatatak sa kanyang mukha ang labis na pagkamangha, patuloy lang niya itong tinitigan hanggang nakadama siya ng isang kamay na humawak sa kanyang balikat.

"Sakay na tayo, anak," saad ng ama.





Itinuro ng binata ang nakabukas na pinto ng bus, “Dito po?”

Tumango ang ama, ang ngiti nito ay ‘di mabura sa kaniyang mga labi. Samantala, si Aling Mae ay nais nang sumakay sa bus ngunit nakaharang ang mag-ama sa kanilang daraanan.

“Ano ba, sasakay po ba kayo o hindi?” timpi ng ale.

Napahawak si Lea sa kamay ng ina.

Yumuko ang ama at nagpaumanhin.





Habang nag-uusap ang dalawang matanda ay napansin ni Lea na sa kanya napukaw ang pansin ng binata. Kita sa mukha nito ang labis na pagka-mangha habang siya ay tinititigan.

"Ano po iyon?" usisa ng sampung taong batang babae.

"Wala naman. Nais ko lang sabihin kung gaano kaganda ang kulay ng iyong mga mata."

Sinuklian niya ito ng ngiti at sila ay umakyat na.




Sa bawat hakbang ng binata ay nakapokus ito sa mga taong nasa loob ng bus. Napatingin siya nang marinig ang malakas na boses ng isang batang nakaupo sa bandang harapan.

“Inay! Eksayted na akong makita sina Lolo at Lola! Malapit na po ba tayo?”

“Oo, anak,” tugon ng ina.

“Yehey!” napatalon ito sa kanyang upuan na naging sanhi ng pagkahulog ng kaniyang laruang robot.






Hindi ito napansin ng mag-ina kaya dali-daling pinulot ng binata ang robot at iniabot sa kanila nang may ngiti sa labi.

"Hala, ang robot ko! Maraming salamat po kuya," sambit ng bata na napayakap sa laruan.

Sa kabilang banda naman ay bumungad ang nakasimangot na mukha ng isang lalaking naka-pormal na damit.

"Ang ingay," bulong nito sa sarili habang nakakunot ang mga kilay.






Hindi inaasahang marinig ito ng binata. Buong pagpapakumbaba itong humingi ng pasensiya sa lalaki. Batid niya ang biglang pag-aliwalas ng mukha ng kausap matapos niyang narinig ang sinabi nito.

"Paumanhin din. Masakit kasi ang ulo ko kaya medyo naiirita ako agad." tugon niya.

Hinawakan ng ama ng binata ang balikat nito upang sila ay makausad at makahanap na ng bakanteng upuan sa bus.




Nagpatuloy siya sa paglalakad hanggang maabutan niya ang kundoktor na nagbibigay ng tiket.

"Limampu't dalawang piso lola," saad nito sa matanda. Tumingin nang may alinlangan ang lola ngunit patuloy sa paghahalungkat sa kaniyang lumang pitaka.

"Heto ang bayad," inabot niya ang barya bago tumugon sa batang kasama nito.

"Niño, apo ko, pasensiya ka na. Mukhang hindi ka na mabibilhan ni lola ng laruan mamaya."






Panandalian gumuhit sa mukha ng apo ang pagkadismaya bago ito napailing at hinawakan ang kamay ng kaniyang lola.

"Ayos lang po. Ang mahalaga po ay makauwi tayo ngayon," wika ng bata sabay taas ng kamay nito na nakahawak sa isang plastik ng kakanin.

"At may pasalubong tayo para kay Nena," dagdag nito.

Lingid sa kanilang kaalaman ay nakikinig ang binata sa kanilang pag-uusap.





Ang sumunod na pangyayari ay nagbigay buhay muli sa kinang ng mga mata ng batang si Niño.


“Para sa akin po?” hindi makapaniwalang tanong nito habang hawak ang isang laruang kotse.

“Oo, regalo ko sa iyo. Alam mo ba kung ano ang kulay nito?”

“Opo! Dilaw,” masiglang sagot ng bata.

“Ganun ba? Kay ganda naman ng kulay.” Nagpaalam ito sa bata at muling naglakad.





Naghanap sila ng makukuhang pwesto ngunit ang tanging mayroon na lamang ay ang bandang pinakalikod ng sasakyan. Naunang naglakad ang binata kung kaya't nakuha niya ang upuang nasa tabi ng bintana ng bus.

Kasabay ng pag-upo ng ama niya ang mag-ina. Hindi nasiyahan sa kanilang pwesto si Aling Mae sapagkat makakatabi nanaman nila ang mag-ama.

Umandar na ang bus at naging tahimik ang lahat.






Naputol na lamang ito nang mag-umpisang magsalita nang ubod ng galak ang anak.

"Itay, tingnan niyo po 'yung mga bahay, unti-unti silang lumiliit!"

Napatingin ang mga katabi nito sa kanya ngunit ang buong atensyon ng anak ay nasa bintana. Hinaplos ng ama ang ulo ng kaniyang anak habang si Aling Mae ay nakasimangot sa kawalan ng tamang pagdidisiplina ng ama.





Napalakas ang bulong niya kay Lea na para bang pinariringgan ang ama ng binata.


"Ano ba iyan? Napakawalang silbi niya naman. Bakit di kaya niya patahimikin iyang anak niya?"

Napayuko ang matanda ngunit hindi umimik sa kanyang narinig na paratang.

"Itay, tingnan niyo iyong malaking bola na iyon sa kalangitan. Tingnan niyo!

Sinusundan tayo," sambit ng anak na nakaturo sa araw.


OKULISTA




Hindi na nakapagpigil ang ale at tuluyan na niyang tinapik ang ama.

"Mukhang kailangan magpatingin ng anak niyo sa isang eksperto."

Dinukot ng ama ang kaniyang pitaka mula sa bulsa at kinuha ang isang kard na naglalaman ng ngalan nito at propesyon. Dito ay nalaman niya na ang katabi pala niyang matanda ay isang eksperto sa paggamot ng mga taong may karamdaman sa mata.






Tumingin ang matanda sa kanyang anak.

"Bata pa lamang ng siya ay nabulag. Kanina pa lang niya muli nasilayan ang ganda ng mundo kaya ganiyan siya kasaya."

Muling narinig ni Lea ang tinig ng binata nang siya'y sumali sa pag-uusap habang inaabot ang rosas na dala kay Aling Mae.

"Ngayon ko rin po nakitang muli kung ano ang mga iba't ibang emosyon sa mukha ng tao."






"Saya," turo nito sa batang hindi mapakali sa sobrang sabik na makita ang mga kamag-anak.
Sunod ay itinuro niya ang lalaking naka-pormal na damit, "galit."

"Lungkot at dismaya," patuloy nito sa maglola na may hawak ng tiket na binili.

Hindi nakaimik si Aling Mae kaya si Lea na lang ang tumanggap sa bulaklak sabay abot sa ina.

"At pagkainosente," pagtatapos nito habang nakatingin kay Lea.





“Kay ganda ng mundo kung ngiti at saya ang sukli nito sa bawat tao,” sambit ng binata bago siya tumingin muli sa labas ng bintana upang purihin ang kagandahan nito.

“Mas gaganda ito kung nakikita ng bawat tao ang mundo mula sa mata ng batang tulad ko at tulad niya,” bulong ni Lea sa ina na may ngiti sa mapupungay nitong mga mata.



TUNGKOL SA MAY-AKDA , TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**ZHARMAINE R. MANGUNE**: Kasalukuyang nagtuturo sa Sto. Niño Elementary School, Sto. Niño, Magalang, Pampanga bilang Teacher I.

**CARLO D. YAMBAO:** Kasalukuyang nagtuturo sa Concepcion Integrated School, Concepcion, San Simon, Pampanga bilang Teacher I.

Tanong dito, tanong doon, sa walang humpay na usisa ng binata sa kanyang ama, balik niya'y mga sagot na nababalot ng buong pagmamahal at pagpapapasensiya.

Hindi mapigilang makinig nina Aling Mae at Lea sa bawat tanong ng binata sa ama, na tila ba'y isang musmos pa ito kahit siya'y nasa hustong gulang na.

Sa hindi inaasahang pagkaka-salubong ng kanilang mga landas, ano kaya ang matutuklasan ng mag-ina?

